REPUBLIKA NG PILIPINAS)
LUNGSOD NG QUEZON) S.S.
x----------x

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako si "JOSE BASILIO," 42 taong gulang, may asawa, at limang anak, at nakatira sa Agdao District, Davao City matapos na makapanumpa ng naayon sa batas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Na noong 2002 ako ay namasukan bilang empleyado sa Heinous Crimes Office, isang extension office ng Investigation Division sa Camp Leonor, Quimpo Blvd, Almendras Gym Compound. Ako ay ni-recruit ng aking kaibigan na isa ding miyembro ng civilian component ng naturang opisina na nagngangalang Rolando Duwilag;
2. Na ang istraktura ng nasabing opisina noong panahon na ako ay namasukan dito, ay binubuo ng isang pinakamataas na pinuno na kung tawagin ay "hari" na hindi personal at opisyal na pumupunta sa aming opisina. Sunod dito ay ang isang "big boss" na si Sonny Buenaventura, na siyang pinakamataas sa aming opisina at pinagmumulan ng mga "order". Siya ay sinusundan ng ilang mga tauhan na kinabibilangan ng mga pulis tulad nila Fulgencio Pavo, Arturo Lascanas, Jim Tan at Jun Naresma. Sa kanilang ilalim naman ay ang mga tauhan na kung tawagin ay "abantero" o mga naturingang "hitmen" o tirador tulad nila Vivencio Jumawan, Bobong Aquino, Bienvenido Furog, Boy King Magno, Disivilendo Didal at Renante Medina at marami pang iba na pawang mga pulis lahat. Na maliban sa mga nabanggit, ang ilan na civilian component tulad nina Danny Balo, Jonathan Balo, Valentin Duwilag, Ian Duwilag, Roland Duwilag, Dodong Tatad, Dan Lee, Jemelito Duran, Sherwin Duran, Cris, Alex, Ian, Baludoy at iba pa ay nautusan din na iligpit ang mga taong nasa "order". Maliban sa mga civilian components, meron din mga tao sa komunidad na kung tawagin ay "G-2" o mga "asset". Tungkulin ng mga ito na alamin ang ilang mga detalye ng mga "target" tulad ng kanilang lokasyon sa isang partikular na araw. Bukod sa mga opisyal na namamasukan sa Heinous Crimes Office, may mga sibilyan din na dating asset at makalipas ang panahon ay nagiging hitman din;
3. Na ako ay napabilang sa civilian component ng naturang opisina. Si PSI Fulgencio Pavo ang nagdedesisyon kung sino ang maaatasan na magtrabaho sa labas ng opisina para magsagawa ng operasyon at sino ang sa loob ng opisina. Pumapasok ang component na ito sa pamamagitan ng "shifts". Nagkakaroon ng palitan bawat dalawang araw. Bukod dito, nahahati ang civilian component sa dalawa. Isang pangkat ay naatasang lumabas at magsagawa ng mga operasyon, samantala ang isang pangkat naman ay naatasang tumulong sa mga pulis sa loob ng opisina. Lahat kaming napabilang sa naturang